# 長期休暇中における昼食について

## TUNGKOL SA PANAGHALIAN TUWING MAHABANG BAKASYON

**タガログ語**

Simula ngayong summer vacation ng Reiwa 6 Nendo (2024), sinimulan namin ang pagsubok ng paghahatid ng bento (lunch meal) sa mga pasilidad ng after school club para sa mga bata tuwing mahabang bakasyon. Marami kaming natanggap na positibong feedback sa mga magulang o tagapag-alaga, kaya't napagpasyahan naming ipagpatuloy ang serbisyong ito. Kayo ay aming inaanyayahan na gamitin ito. Upang maiwasan ang mga pagkakamali o abala, hinihiling po namin ang inyong pakikipagtulungan sa pagsunod sa mga alituntunin sa ibaba.

**Walang nakatakdang partikular na tindahan para sa mga order ng bento, ngunit upang maiwasan ang kalituhan, hiling po namin ang inyong pang-unawa at pagsunod sa mga sumusunod na patakaran.**

1. TUNGKOL SA PAG-ORDER AT PAGBABAYAD:

(1) Ang pag-order at pagbabayad ay dapat gawin ng mismong magulang.

(2) Ang bayad ay kailangang direktang ibigay sa vendor o tindahan.

※Hindi maaaring ipasok ang bayad sa pasilidad ng bata (Jidoukan)tulad ng pagbibigay sa guro, atbp.

2. TUNGKOL SA BENTO (LUNCH BOX):

(1) Iwasang umorder ng pagkain na kailagang initin ( gaya ng nagyeyelong pagkain na kailangang lagyan ng mainit na tubig o microwave. )

(2) Anumang espesyal na hiling o natirang pagkain (sabaw atbp) ay kailangang iuwi sa bahay.

(3) Mga lunch container na hindi na kailangan ibalik o kolektahin ng delivery company.

(4) Hindi pinapayagan ang mga bata na mag share ng kanilang lunch sa ibang bata.

3. Pagkaraan na maka-order, kung sakaling ang bata ay hindi papasok sa "Jidou Club" at hindi kailangan ang meal ay kumontak sa vendor at ikansel ang order.

4. TUNGKOL SA DELIVERY:

(1) Pumili ng oras ng delivery time sa pagitan ng 10:00 am at noon.

(2) Siguraduhin na malinaw na nakasulat ang pangalan ng bata sa bento.

(3) Ang delivery at pagtanggap ng bento sa (Jidoukan) ay para lamang sa panahon ng long vacation period.

※Kapag ang delivery ay sa umaga, sabihin sa staff ng (Jidoukan) na ang bento ay naipadala na.

※Kapag ang guidelines na ito ay hindi sinunod, ang lunch ay hindi na tatanggapin.

5. TUNGKOL SA SUPPLIER:

Walang itinalagang delivery company para sa pag-order ng lunch boxes, subalit aming narinig na ang sumusunod na delivery companies ay umaayon sa mga kondisyon kaya't gamitin itong reference.

・TAKUHAI COOK 123 Obu Tokai Branch　（Telephone number: 0562-85-4411）

※Para sa latest information or menus, tingnan ang Higashiura town Website "Information tungkol sa lunch ng after school childcare (Jidou Club) tuwing long vacation".

HIGASHIURA TOWN HOME PAGE

6. AT IBA PA:

Tungkol sa lunch na dadalin sa "Jidou Club", hindi lamang ang homemade lunches kundi pagkain na binili mula sa tindahan ay pinapayagan tulad ng mula sa convenience store, supermarket etc. Tandaan na ang guidelines sa itaas ay subject to updates based on actual operations. <u>Para sa latest information, tingnan ang Higashiura Town Homepage " After School Children's Club Long Vacation Lunches" page.</u>